# Madalas na Katanungan Tungkol sa Batas Republika Bilang 11222

**Ano ang Batas Republika Bilang 11222?**

Ang Batas Republika Bilang 11222 na pinamagatang, An Act Allowing The Rectification of Simulated Birth Records and Prescribing Administrative Adoption Proceedings For The Purpose na tinatawag din Simulated Birth Rectification Act, ay naging batas noong 21 Pebrero 2019 at naging epektibo noong 29 Marso 2019. Ang batas na ito ay nagbibigay pahintulot na ayusin ang simulated birth certificate at nagtatakda ng administratibong proseso ng pag-aampon.

**Ano ang mga layunin ng batas?**

1. Magbigay ng amnestiya at pagkakataon na maiwasto ang pekeng birth certificate ng isang bata.
2. Ayusin ang pagkakalilanlan ng isang bata.
3. Tanggalan ng kriminal, sibil at administratibong pananagutan ang mga nag-peke ng birth certificate ng isang bata na isinagawa bago naging epektibo ang batas sa kondisyon na ang petisyon sa pag-aampon at pagsasaayos ng pekeng birth certificate ay isinumite sa loob ng sampu (10) taon mula ng maging epektibo ang batas.
4. Magbigay ng mas simpleng proseso ng pag-aampon kung saan ang bata ay nakatira o nasa pangangalaga ng o ng mga tao na nagpeke ng birth certificate ng bata nang hindi bababa sa tatlong (3) taon bago naging epektibo ang batas.

**Ano ang *"Simulation of Birth Record"*?**

**Ang *""Simulation of Birth Record"*** ay ang pagpeke ng talaan ng kapanganakan upang palabasin na ang isang bata ay ipinanganak ng isang tao na hindi nya tunay na ina na nagreresulta ng pagkawala ng totoong katauhan at katayuan ng naturang bata.

**Maari bang makinabang ang mga nasa wastong gulang na may pekeng birth certificate sa batas na ito?**

Oo, ang batas na ito ay naaangkop din sa mga may edad 18 pataas na may pekeng birth certificate.

**Ang isang tao ba na nagpeke ng birth certificate ng isang bata ay makikinabang sa amnestiya kung walang planong ampunin ang bata?**

Hindi, sa batas na ito ang amnestiya ay isa lamang benepisyo na binibigay kung kaakibat ng pagwawasto ng pekeng birth certificate ang administratibong pag-aampon sa bata.

**Anu-anong mga sirkumstansya ang pasok sa Batas Republika Bilang 11222?**

1. Administratibong pag-aampon ng isang di-kamag-anak na bata;
2. Administratibong pag-aampon ng isang bata na kaanak hanggang sa ikaapat na antas na pagiging magkadugo o pagiging magkamag-anak salig sa pag-aasawa. Ang mga sumusunod ay kaanak hanggang ika-apat na antas:
   - Magulang, anak
   - Lolo/Lola, kapatid, apo
   - Lolo/Lola sa tuhod, kapatid ng magulang (tiyuhin/tiyahin), pamangkin, apo sa tuhod
   - Magulang ng Lolo/Lola, pinsan (anak ng kapatid ng magulang), apo sa pamangkin,
3. Administratibong pag-aampon ng isang may sapat na gulang na palagiang tinuturing at pinakikitunguhan bilang anak mula nang pinanganak o pagkabata;
4. Administratibong pag-aampon kung saan ang Petisyon para sa Pagkansela ng Simulated Birth Certificate o Petisyon sa Pag-aampon at Pagkansela ng Simulated Birth Certificate ay nakabinbin sa korte; o
5. Iba pang pagkakatulad na kalagayan na maaring matukoy ng DSWD Secretary.

**Anu-ano ang mga sirkumstansya ang hindi kasama sa Batas Republika Bilang 11222?**

1. Pagwawasto o pagtatama ng nakasulat sa simulated birth certificate, halimbawa, paglalagay ng pangalan ng totoong magulang. Ang kaso na ito ay sumasalamin sa isang sitwasyon kung saan ang layunin lamang ay upang maiwasto ang simulated birth certificate ng bata ngunit hindi para sa taong nag-simulate na magpatuloy sa pag-aampon.
2. Administratibong pag-ampon ng mga kamag-anak ng namatay na tao na nag-simulate ng kapanganakan ng bata. Ang isa sa mga kundisyon sa ilalim ng Batas ay ang bata ay dapat na palagiang itinuturing bilang anak na syang kulang sa kasong ito.
3. Administratibong pag-aampon ng ibang tao maliban sa mga magulang na pinangalanan sa simulated birth certificate. Ang kaso na ito ay kulang sa kundisyon na ang bata ay palagiang itinuturing bilang anak ng nagpetisyon.

4. Administratibong pag-aampon ng isang bata sa pamamagitan lamang ng itinalagang ama; kapag ang ina na pinangalanan sa sertipiko ng kapanganakan ay biyolohikal na ina ng naturang anak. ang sitwasyong ito ay hindi nagsasangkot ng simulation ng birth record, tulad ng tinukoy sa ilalim ng Batas

**Ano ang CDCLAA at kailan ito kinakailangan?**

Ang Certification Declaring A Child Legally Available for Adoption (CDCLAA) ay tumutukoy sa sertipikasyon na iniisyu ng Kalihim ng DSWD o ng kanyang awtorisadong kinatawan na administratibong nagpapahayag na ang bata ay maaring ligal na ampunin. Kinakailangan ito sa lahat ng mga kaso maliban sa may sapat na gulang at pag-aampon ng isang kamag-anak sa loob ng ika-4 na antas na pagiging magkadugo o pagiging magkamag-anak salig sa pag-aasawa;